

## **Mga tip para sa pangangalaga ng ebidensya at impormasyon**

Maaaring may nakita ka o nalaman na bagay na makakatulong para sa Pagtatanong o Pagsisiyasat.

Kung maaari, dapat mong subukang isulat ang anumang bagay na sa tingin mo ay maaaring may kaugnayan habang ang iyong memorya ay sariwa pa.

Sa ibaba ang ilang mga tip sa pagpapanatili ng isang talaan na maaaring maging legal na kapaki-pakinabang.

Ngunit anumang dokumento na inihanda ng isang saksi / nakaligtas / namatayan na kapamilya ay malamang na dapat isiwalat sa anumang kriminal o sibil na paglilitis at sa pagsisiyasat/pagtatanong.

Samakatuwid, bilang panimula, pinakamabuti nang manghingi ng legal na payo bago maghanda ng anumang dokumentong tulad nito.

Para sa karagdagang payo o tulong sa paghahanap ng abugado, mangyaring makipag-ugnay sa kawanggawang [INQUEST \(020 7263 1111\)](tel:02072631111) o sa North Kensington Law Centre ([020 8969 7473](tel:02089697473)).

## **Paano mag-record ng ebidensya.**

1. Gamit ang iyong pangunahing wika, isulat ang iyong nakita/narinig nang magkakasunod-sunod batay sa petsa at oras ng pangyayari. Linawin kung ikaw mismo ang nakakita ng isang bagay o may taong nagsabi sa iyo ng impormasyon. Kung ganito man ang lagay, mangyaring kilalanin ang taong iyon.
2. Itala ang pangalan, titulo sa trabaho at mga detalye ng pagkontak ng sinumang nakausap mo tungkol dito, halimbawa, pulisya, pangunahing opisyal, boluntaryo, mga kaibigan, at kung pinansin o itinala nila ang impormasyong sinabi mo sa kanila.
3. Gawin mo ang iyong makakaya na hindi idagdag ang mga sinabi ng mga tao sa iyo tungkol sa kanilang nakita o narinig. Hilingin sa kanilang sila mismo'y gumawa ng talaan at hiwalay na itala ito.
4. Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa pagbigay sa sinumang iba pa ng ilan sa o lahat ng impormasyong nakita o narinig mo, isulat mo kung ano ang iyong alalahanin.
5. Sa ibaba ng itinala mo, idagdag ang oras at petsa kung kailan mo ginawa ang pagtatala – itago ang dokumentong ito (sulat-kamay man o elektronikong) sa isang ligtas na lugar.
6. Maaari kang magdagdag ng impormasyon sa dokumento sa tuwing may naaalala ka, ngunit siguraduhing idagdag ang petsa kapag ginawa mo ito.

7. **Kung may naitabi kang mga larawan, recording, atbp.ng anumang may kaugnayan, siguraduhing naka-save ito sa hard drive ng isang device. Humingi ng payo kung hindi ka sigurado kung paano gawin ito.**

**Huwag mag-alala sa kung sa tingin mo ay may pakinabang o wala ang impormasyon. Mahalagang makalikom ng mas maraming impormasyon hangga't maaari mula sa mga taong nakakita o nakarinig ng anuman noong araw man ng sunog o bago o pagkatapos ng insidente, kabilang na ang tungkol sa mga alalahanin sa kaligtasan.**